**NAETISL**
National Association of
Educational Translators and
Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri
Developmental
Disabilities Council

# Pag-unawa sa Espesyal na Edukasyon: Isang Pangkalahatang-ideya para sa mga Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

# Pag-unawa sa Espesyal na Edukasyon:
# Isang Pangkalahatang-ideya para sa mga Magulang

## Ano ang espesyal na edukasyon?

Ang espesyal na edukasyon ay pagtuturong espesyal na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na matuto sa paraang pinakamahusay para sa kanila, maging sa mga silid-aralan man ng pangkalahatang edukasyon, maliliit na grupo, o sa pamamagitan ng mga kaugnay na serbisyo tulad ng therapy sa pagsasalita o occupational.

## Sino ang kwalipikado sa espesyal na edukasyon?

Maaaring kwalipikado ang isang bata kung siya ay

- May kapansanan (hal., kapansanan sa pagtuto, awtismo, sakit sa hyperactivity na hindi makapanatili ng atensyon, pagkaantala sa pagsasalita/wika, pagkabingi)
- Kailangan ng espesyal na pagtuturo upang magtagumpay sa paaralan
- Nasa edad na 3 hanggang taong gulang

Ang pagiging karapat-dapat ay tinutukoy sa pamamagitan ng isang proseso ng ebalwasyon at ginagabayan ng pederal na batas sa ilalim ng Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA).

Ang mga mas bata na may mga pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan, mula kapanganakan hanggang 3 taon, ay maaari ring kwalipikado para sa mga serbisyo.

- Nahihirapang mag-focus, manatilil sa upuan, o kumumpleto ng mga gawain
- Nahihirapang makipagkomunika o makipaghalubilo sa iba
- Walang pag-unlad kahit na tinutulungan ng guro

Kung ikaw ay nag-aalala, maaari kang humiling ng ebalwasyon sa pamamagitan ng paaralan ng iyong anak.

**Ano ang isang ebalwasyon?**

Ang isang ebalwasyon ay isang komprehensibong hanay ng mga pagsubok at obserbasyon na tinitingnan kung paano natututo, kumikilos, at nakikipagkomunika ang iyong anak. Ginagamit ito upang maunawaan ang mga lakas at kahinaan ng iyong anak. Mga kwalipikadong propesyonal lamang, gaya ng sikolohista ng paaralan o guro, ang nagbibigay ng mga pagsubok na ito.

Kailangang may nakasulat na pagpayag mula sa iyo ang paaralan bago ito gumawa ng ebalwasyon.

**Ano ang IEP?**

Nakakatanggap ang mga batang kwalipikado para sa espesyal na edukasyon ng Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP). Ang IEP ay isang legal na dokumento na:

- Nagbabalangkas ng mga pangangailangan sa pagtututo ng iyong
- anak
- Naglilista ng mga layunin para sa taon
- Nagbibigay-detalye ng mga serbisyo at suporta na ibibigay ng paaralan

Binubuo ang IEP ng isang koponan na kabilang ka, mga guro, mga espesyalista, at kung minsan, ang iyong anak.

Kung ayaw mong makatanggap ng mga serbisyong pang-espesyal na edukasyon ang iyong anak, o kung di ka sang-ayon sa IEP, maaari mong tanggihan ang mga serbisyo.

**Anong mga serbisyo ang maaaring tanggapin ng aking anak?**
Depende sa pangangailangan niya, maaaring makatanggap ang iyong anak ng:

- Dagdag na tulong sa pagbabasa o matematika
- Therapy sa pagsasalita o wika
- Therapy na pang-okupasyon o pisikal
- Pagsasanay sa pakikipaghalubilo
- Counseling o suporta sa mga gawi o pagkilos
- Akomodasyon (hal., dagdag na oras para sa mga pagsubok (mga test)

**Aalisin ba ang anak ko mula sa pangkalahatang silid-aralan?**
Hindi nangangahulugang ganito ang mangyayari. Karamihan sa mga batang may IEP ay nananatili nang husto, o sa karamihan ng panahon, sa mga silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon nang may suporta. Pagpapasyahan ng koponan ng IEP kung ano ang kapaligirang may pinakamababang restriksyon (LRE) na tama para sa iyong anak.

**Ano ang mga karapatan ko bilang magulang?**
May karapatan kang:

- Makilahok sa lahat ng pagpupulong
- I-rebyu ang, at humiling ng, mga pagbabago sa IEP

- Makatanggap ng mga ulat tungkol sa pag-unlad ng iyong anak
- Di-sumang-ayon sa mga pasiya at humiling na may mamagitan o ng isang pagdinig
- Ma-access ang lahat ng record tungkol sa edukasyon.

**Anong maaari kong gawin upang suportahan ang aking anak?**

- Magtanong at manatiling maalam
- Magtago ng mga kopya ng lahat ng report at mga IEP
- Manatiling may kontak sa mga guro at mga nagbibigay ng serbisyo
- Suportahan sa bahay ang pagtututo gamit ang mga routine at paghihikayat
- Sumali sa mga lokal na grupo ng pagsuporta sa mga magulang o mga organisasyong may adbokasiya

**Saan pa ako makakakuha ng dagdag na impormasyon?**

Kausapin ang coordinator ng iyong eskwela para sa espesyal na edukasyon o bisitahin ang website para sa espesyal na edukasyon ng iyong state, para sa higit pang resources.

**Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?**

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo rin.